REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS
DECS Complex, Meralco Avenue
Pasig City Philippines

*Tanggapan ng Kalihim*
*Office of the Secretary*

PHILIPPINES 2000

*Sama-Sama sa DECS*

Marso 14 2000

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg 110, s 2000

## PAMBANSANG SEMINAR SA FILIPINO

Sa mga Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan

1 Ang Pambansang Seminar sa Filipino sa pagtataguyod ng Departamento ng Filipino at Kolehiyo ng Pagtuturo ng Pamantasan ng San Agustin Lungsod ng Iloilo at DECS ay idaraos sa Mayo 4-6, 2000 sa USA Conference Room Ang paksa ng tatlong araw na seminar ay Malikhaing Paghahanda ng mga Kagamitang Pampagtuturo

2 Ang mga layunin ng nasabing seminar ay ang mga sumusunod

a makatulong sa pagbibigay na dagdag na kaalaman sa mga guro hinggil sa paghahanda ng silabus modyul at sanayang aklat,
b madagdagan ang kabatiran ng mga guro hinggil sa panunuring pampanitikan at
c malinang ang kakayahan ng mga guro sa malikhaing pagsulat.

3 Ang mga delegado sa seminar na ito ay ang mga gurong nagtuturo ng wikang Filipino sa antas tersarya, sekundarya at elementarya Nararapat ding dumalo ang pansangay at panrehiyong tagamasid/superbisor at tagapag ugnay sa Filipino at mga guro ng Kagawaran ng Filipino sa mga paaralang sekundarya maging pampamahalaan o pribado Mga guro sa Ingles at iba pang araling gumagamit ng Filipino bilang wikang panturo Ang mga delegado na galing sa paaralang publiko ay maaring dumalo sa opisyal na oras lamang

4 Ang butaw sa rehistrasyon sa gawaing kapulungan ay walong daa't limampung piso (P850 00) para sa honrarya ng mga ispiker, materyal tanghalian at pamatid-uhaw sa loob ng tatlong araw

5 Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito

ANDREW B GONZALEZ FSC
Secretary

E-Mail Address
OSEC @SKYINET NET

'Together Let Us Build This Nation Through Education

Tel # 02-633-7228 or 7208
Fax # 02-632-0805

Sanggunian: Wala

Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa

Learning Area, FILIPINO
SEMINARS